Volume 6 Issue 1
Enero - Abril 2026

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)



## Nutritional Feeding Activity: Para sa Kalusugan ng mga Kabataan

Pahina 6

**Coastal Clean-Up Drive: Nagtataguyod ng Pangangalaga sa Kalikasan**

Pahina 9

**SCPC at SLPGC: Pag-aalaga sa Kalikasan, Itinaguyod sa Pamamagitan ng Tree Planting Activity**

Pahina 10

**Bayanihan: Dacanlao River Clean-Up Drive**

Pahina 11



## Larry C. Medrano
Senior Vice President for Power Operations

Bilang bagong talagang Senior Vice President for Power Operations ng SCPC at SLPGC, ipinapahayag ko ang aking taos-pusong pasasalamat sa pagkakataong maging bahagi ng organisasyong ito. Lubos kong pinahahalagahan ang mainit na pagtanggap ng bawat isa, at ako ay taos-pusong umaasa na makapag-ambag sa patuloy na pagpapaunlad ng ating operasyon.

Sa aking panunungkulan, inaasahan kong higit pang mapalakas ang ating kakayahan sa pagbibigay ng maaasahan at ligtas na suplay ng kuryente. Kabilang sa aking mga pangunahing layunin ang pagpapatibay ng operational excellence, pagpapaigting ng safety culture, at patuloy na paglaganap ng mga makabagong solusyon upang matugunan ang lumalaking pangangailangan ng industriya. Higit sa lahat, inaasahan kong makasama ang bawat isa sa inyo sa paghubog ng isang organisasyong nakabatay sa ating core values na excellence, integrity, at malasakit. Higit sa lahat, kinikilala ko ang mahalagang papel ng ating komunidad bilang katuwang sa ating tagumpay. Nais kong pagtibayin ang ating ugnayan sa pamamagitan ng bukas na komunikasyon, responsableng operasyon, at mga inisyatibong nakatuon sa pagbibigay ng positibong epekto sa bawat pamilyang ating pinaglilingkuran.

Lubos akong umaasa sa patuloy na pakikipagtulungan at pagkakaisa ng bawat isa upang maisakatuparan ang ating mga mithiin at mapanatili ang mataas na pamantayan ng ating serbisyo.



## Charlie V. Robles
Vice President and Power Complex Manager

Sa ngalan ng pamunuan ng SCPC at SLPGC, nais kong ipabatid ang aming taos-pusong pasasalamat sa patuloy na pakikiisa at suporta ng ating mga empleyado at ng komunidad sa mga programang ating isinagawa ngayong unang quarter ng taon.

Bilang bahagi ng aming pangako sa pagsusulong ng kalusugan, kalikasan, at kapakanan ng ating mga kababayan, matagumpay nating naisakatuparan ang ilan sa ating mga programa, kabilang ang Voluntary Blood Donation Activity kung saan nakalikom tayo ng kabuuang 72 blood bags, at coastal at river clean-up activities na nakakolekta ng 189 kilo ng recyclable waste at 319 kilo ng residual waste.

Patuloy rin nating pinagtibay ang ating adbokasiya sa kalikasan, sa pamamagitan ng tree planting activity kung saan nakapagtanim tayo ng 400 hills ng beach agoho. Bukod dito, nagsagawa rin tayo ng feeding program para sa 52 mag-aaral ng Dacanlao Quest Child Development Center. Ang mga inisyatibong ito ay patunay ng ating sama-samang hangarin na nakapagbibigay ng makabuluhang kontribusyon sa ating komunidad. Makakaasa kayong patuloy ang ating mga programa upang mas mapalawak pa ang ating positibong epekto at maitaguyod ang isang mas malusog, mas malinis, at mas maunlad na pamayanan para sa lahat.

Maraming salamat po sa inyong patuloy na suporta at pakikiisa.

THE CURRENT

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Myrla O. Delos Angeles
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
Charles Audrey G. Concepcion
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

# MGA NILALAMAN


02 Mensahe

03 UM Tagum College Plant Tour Activity

04 Konsultasyon sa Komunidad: Operasyon ng Planta at mga Programang Panlipunan

Career Exploration Visit: Isinagawa para sa mga mag-aaral ng DGAINHS

05 Kalusugan ng Manggagawa, Prayoridad: Annual Physical Examination 2026, Matagumpay na Naidaos

06 Nutritional Feeding Activity: Para sa Kalusugan ng mga Kabataan

07 Voluntary Blood Donation Drive: 72 Blood Bags, Nakolekta para

08 Pagkilala: SCPC at SLPGC, Muling Nagkamit ng Mother-Baby Friendly Workplace Certification

Essential Medicines, Ipinamahagi ng SCPC at SLPGC sa mga

09 Coastal Clean-Up Drive: Nagtataguyod ng Pangangalaga sa Kalikasan

10 SCPC at SLPGC: Pag-aalaga sa Kalikasan, Itinaguyod sa Pamamagitan ng Tree Planting Activity

11 Bayanihan: Dacanlao River Clean-Up Drive

12 MMT Results


KOMUNIDAD



## UM Tagum College Plant Tour Activity

Nagsagawa ang SCPC at SLPGC ng isang Plant Tour Activity noong Enero 27, 2026, para sa 25 mag-aaral ng BS Electrical Engineering mula sa University of Mindanao – Tagum College.

Sa tour na ito, nagkaroon sila ng pagkakataong masaksihan at maunawaan ang mga operasyon sa loob ng planta. Layunin ng aktibidad na itong mapalawak ang kaalaman ng mga estudyante sa engineering sa pamamagitan ng aktwal na karanasan.





## Konsultasyon sa Komunidad: Operasyon ng Planta at mga Programang Panlipunan

Bilang bahagi ng patuloy na pagpapatibay ng ugnayan sa host community, nagsagawa ang SCPC at SLPGC ng Focus Group Discussions (FGDs) kasama ang mga kinatawan ng mga impact barangays.

Ang aktibidad na ito ay upang ibahagi ang mahahalagang impormasyon ukol sa operasyon ng planta, kabilang ang mga kasalukuyang aktibidad, safety measures, at mga hakbang upang matiyak ang ligtas at maayos na operasyon. Naging daan din ito upang mas mapalalim ang pag-unawa ng komunidad sa mga proseso at patakarang ipinatutupad ng kumpanya.

Tinatalakay rin sa mga FGD ang iba't ibang Social Development Programs na nakatuon sa edukasyon, kalusugan, pangkabuhayan, at pangangalaga sa kapaligiran. Dito rin nakuha ang mahahalagang mungkahi mula sa komunidad upang higit pang mapabuti ang mga programa para sa kanila.

Tinalakay din ang environmental compliance at pagsunod sa mga regulasyon ng kumpanya upang matiyak ang responsableng operasyon para sa kaligtasan ng kalikasan at ng publiko.

Patuloy ang SCPC at SLPGC sa pagpapanatili ng bukas na komunikasyon, transparency, at pakikipagtulungan sa mga stakeholders tungo sa













## Career Exploration Visit: Isinagawa para sa mga mag-aaral ng DGAINHS

30 mag-aaral mula sa Grade 9 at Grade 10 ng Dacanlao G. Agoncillo Integrated National High School ang lumahok sa isang Career Exploration Visit na pinangunahan ng SCPC at SLPGC noong Pebrero 4, 2026.

Layunin ng pagbisitang ito na bigyan ang mga mag-aaral ng mas malalim na kaalaman tungkol sa operasyon ng planta. Sa pamamagitan nito, mas lumawak ang kanilang pag-unawa sa larangan ng engineering at iba pang propesyon na makatutulong sa pagpili ng kanilang tatahaking landas sa hinaharap.

# Kalusugan ng Manggagawa, Prayoridad: Annual Physical Examination 2026, Matagumpay na Naidaos














Isinagawa noong ika-10 hanggang ika-13 ng Marso 2026 ang APE para sa mga empleyado ng SCPC, SLPGC, DPC, SMPC.

Layunin ng aktibidad na ito na matiyak ang maayos na kalusugan ng bawat empleyado at maagapan ang anumang karamdaman upang mapanatili ang isang ligtas at produktibong workplace. Kabilang sa mga isinagawang pagsusuri ang mga laboratory test at health assessments na alinsunod sa mga itinakdang occupational health standards.

Ang aktibidad na ito ay isinagawa kasama ang medical team at ng Occupational Safety and Health (OSH) unit. Kasabay nito, nagsagawa rin ang Integrated Multipurpose Cooperative ng kaniyang sariling APE para sa mga miyembro nito bilang bahagi ng kanilang pagpapahalaga sa kapakanan ng organisasyon.



# Nutritional Feeding Activity: Para sa Kalusugan ng mga Kabataan

Pinangunahan ng SCPC at SLPGC ang isang Nutritional Feeding Activity para sa 52 mag-aaral ng Dacanlao Quest Child Development Center noong ika-6, 13, 20, at 27 ng Pebrero 2026.

Sa bawat sesyon ng programa, naghandog ang kumpanya ng mga masustansiyang pagkain na naglalayong palakasin ang pangangatawan at sigla ng mga bata. Ang inisyatibong ito ay bahagi ng adbokasiya ng SCPC at SLPGC na suportahan ang pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng wastong nutrisyon.






















## Voluntary Blood Donation Drive: 72 Blood Bags, Nakolekta para sa Komunidad

Matagumpay na isinagawa ang isang voluntary blood donation drive noong ika-19 ng Marso 2026, kasama ang Philippine Red Cross (PRC) – Batangas Chapter Nasugbu Branch.

Sa pamamagitan ng mga employee at contractor volunteers, umabot sa kabuuang 72 blood bags ang nakolekta na gagamitin para sa mga emergency, operasyon, at mga pasyenteng nangangailangan ng patuloy na gamutan.

Ang tagumpay ng aktibidad na ito ay sumasalamin sa bayanihan at malasakit ng bawat nakiisa. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng regular na blood donation bilang isang simpleng paraan upang makagawa ng malaking pagbabago sa komunidad.

Inaasahan ang pagpapatuloy ng mga ganitong gawain upang higit pang mapalaganap ang kultura ng pagbibigay at pagliligtas ng buhay.





# Pagkilala: SCPC at SLPGC, Muling Nagkamit ng Mother-Baby Friendly Workplace Certification

Muling nagkamit ang SCPC ng Mother-Baby-Friendly Workplace Certification mula sa Department of Health (DOH) bilang pagkilala sa patuloy na pagsunod ng kumpanya sa mga pamantayang pangkalusugan. Bahagi nito ang assessment visit na isinagawa ng DOH, katuwang ang Calaca City Health Office, sa Lactation Area ng kumpanya noong Pebrero 4, 2026, kung saan pinuri ang pagpapanatili ng malinis, ligtas, at maayos na pasilidad para sa mga breastfeeding mothers.

Nagbigay rin ang DOH ng mga rekomendasyon para sa patuloy na pagpapabuti alinsunod sa mga makabagong pamantayan upang mas mapalakas ang serbisyo ng pasilidad. Ang pagkilalang ito ay patunay ng matibay na pangako ng kumpanya sa kapakanan ng mga empleyado






# Essential Medicines, Ipinamahagi ng SCPC at SLPGC sa mga Impact Barangays



Nagsagawa ang SCPC at SLPGC ng pamamahagi ng mga essential medicines sa Brgy. Baclaran, Brgy. Carenahan, at Brgy. Caybunga noong Enero 8, 2026.

Ang aktibidad na ay isinagawa upang suportahan ang kalusugan ng mga residente sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kinakailangang gamot para sa mga karaniwang karamdaman. Ang inisyatibong ito ay bahagi ng patuloy na Social Development Program ng kumpanya na nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng pamumuhay at pagbibigay ng agarang tulong-medikal sa mga host community.



# Coastal Clean-Up Drive: Nagtataguyod ng Pangangalaga sa Kalikasan

Matagumpay na nagsagawa ng coastal clean-up drive ang mga volunteer mula sa SCPC at SLPGC, kasama ang Bureau of Fire Protection (BFP), noong ika-25 ng Marso 2026 sa Barangay Quisumbing, City of Calaca.

Bilang bahagi ng programa sa proteksyong pangkapaligiran, nagkaroon din ng kahalintulad na aktibidad sa Barangay Carenahan, Balayan, Batangas noong Marso 19, 2026.

Higit pa sa paglilinis, nagsilbi rin itong pagkakataon upang mapalawak ang kaalaman ng komunidad tungkol sa wastong pamamahala ng basura at ang pangmatagalang epekto nito sa ating yamang-dagat.

Ang tagumpay ng inisyatibong ito ay paalala na ang maliliit na hakbang, kapag pinagsama-sama, ay nagdudulot ng malaking positibong epekto.
















## SCPC at SLPGC: Pag-aalaga sa Kalikasan, Itinaguyod sa Pamamagitan ng Tree Planting Activity

Matagumpay na isinagawa ng SCPC at SLPGC ang isang tree planting activity noong ika-13 ng Marso sa loob ng pasilidad ng kumpanya.

Nilahukan ang aktibidad ng 24 empleyado at volunteer na nagkaisa sa pagpapalawak ng luntiang kapaligiran sa loob ng planta. Sa pamamagitan ng mga ganitong gawain, ipinapakita ng kumpanya ang suporta nito sa reforestation efforts na ang konkretong hakbang upang mapabuti ang kalidad ng hangin at mapanatili ang balanseng ecosystem sa lugar.


















## Bayanihan: Dacanlao River Clean-Up Drive

Bilang bahagi ng patuloy na pangangalaga sa kalikasan at pakikipagtulungan sa komunidad, matagumpay na isinagawa ngSCPCSLPGCang isang river clean-up drive noong ika-10 ng Pebrero 2026 sa Dacanlao River, City of Calaca.

Ang inisyatibong ito ay bahagi ng mas malawak na programang pangkalikasan ng kumpanya na nagsusulong ng wastong pamamahala ng basura at responsableng pag-aalaga sa kapaligiran.

Bukod sa mismong paglilinis, nagsilbi rin itong pagkakataon upang hikayatin ang mga residente na makiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at maging responsable sa kanilang komunidad.

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION

2025 Annual and Sustainability Report

To download a copy, scan the QR code with your smart phone or visit the link below

bit.ly/2025SMPCASR



We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 8 | 3.8 | 130 | <1.0 | 0.013 | 2 |
| SLPGC | 7.8 | 3.6 | 170 | <1.0 | <0.01 | 1 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

**This exceedance returned to acceptable levels during Q4 sampling /monitoring*

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | PM10 | $NO_2$ | $SO_2$ | PM2.5 |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION Brgy. Timbain, Calaca, Batangas | 48 | 38 | 4 | 7 | 0 |
| DOWNWIND STATION Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas | 25 | 21 | 4 | 7 | 4 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

**Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)*

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 51 | 57 | 45 | 51 |
| Ouside Gate 1 | 51 | 52 | 52 | 53 |
| Intersection going to SLPGC | 43 | 56 | 61 | 57 |
| Dacanlao Highway | 61 | 71 | 66 | 63 |
| In front of M. Secreto's house | 71 | 63 | 73 | 62 |
| In front of A. Valencia's house | 70 | 71 | 62 | 61 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 51 | 59 | 51 | 53 |
| In front of SLPGC Water Intake | 53 | 52 | 50 | 46 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
www.semiraramining.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
youtube.com/@semirarampc
linkedin.com/company/semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION
SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation